

MENSAHE NG AREA PRESIDENCY



# Paano Lampasan ang Trahedya



Ni Elder
Ian S. Ardern
Area Presidency

Nang manalanta ang bagyong Yolanda sa Pilipinas na naging sanhi ng pagkawasak ng libu-libong bahay at buhay may katwirang mag-isip ang marami tungkol sa mga trahedyang dinaranas natin. Ang kawalan ng trabaho, pagkamatay ng isang mahal sa buhay o paglampas ng oportunidad na makapagtrabaho, kahit paano ay mga 'bagyo' ang mga ito na nagdudulot ng pasakit at dalamhati.

Naparito tayo sa mortalidad na batid na tayo ay susubukan at tutulungan sa pagkakataong ito. Wala pang mga taong hindi naapektuhan ng paghihirap na siyang mga pagsubok ng mortalidad. Ang banal na kasulatan ay puno ng mga halimbawa ng mga dakilang lalaki at babaeng dumanas ng paghihirap. Inutusan si Abraham na isakripisyo ang kanyang nak at iniwan ni Saria ang kanyang tahanan sa lungsod upang manirahan sa isang tolda sa ilang. Pinaalalahanan ng Panginoon si Moises na may dahilan ang pagsubok ng paggala niya sa disyerto, "At iyong aalalahanin ang buong paraan na ipinatnubay sa iyo ng Panginoon mong Dios nitong apat na pung taon sa ilang, upang kaniyang mapangumbaba ka, at subukin ka, na maalaman kung ano ang nasa iyong puso (Deut. 8:2). Ang ilang pagsubok ay partikular na humahamon sa kanilang pisikal at emosyonal na mga pangangailangan at sa gayong mga pagkakataon ay makakahugot tayo ng lakas sa pag-alaala na tagumpay na natahak ng iba ang landas ng paghihirap na maaaring tinatahak mo ngayon.

Sa sakit na dulot ng paghihirap, sumusuko ang ilan sa kawalan ng pag-asa at tumatalikod sa Diyos subalit ang iba, sa matapat na katatagan, ay bumabaling sa Diyos para mapalakas ng Kanyang nagpapagaling na kamay at ng nagpapagaling na mga kamay ng Kanyang mga lingkod. May alam akong ilang halimbawa kung saan pinapawi ng Panginoon ang ating paghihirap. Alam Niya na ang personal na pag-unlad ay nagmumula sa pagdaig sa pagdurusa at hindi tayo pababayaan ng Kanyang pagmamahal kundi sa paghiling sa Kanya sa langit nang may pananampalataya ay nagkakaroon tayo ng lakas na madaig ang paghihirap at nagiging



katulad tayo ng nais ni Cristo na ating kahinatnan.

Ang paraan ng pagtugon natin sa paghihirap ay nagpapakita ng nilalaman ng ating puso. Mali ang pagpapakulong kay Joseph Smith sa Liberty Jail at sinabi sa kanya ng Panginoon na ang kanyang mga kapighatian ay "magbibigay sa iyo ng karanasan" (D at T 122:7).
Pinaalalahanan ng Panginoon si Propetang Joseph na kapag natiis niya ito; kaluwalhatian at mga pagpapala ang kasunod ng pagdurusa (tingnan sa D at T 58:3-4). Sa gitna ng kapighatian maaari nating naising mabuhay nang wala ang pagsubok ngunit batay sa karanasan ko sa pananatili kong malapit sa Diyos ang aking mga pagsubok ay nakabuti sa akin sa huli.

Nabanggit din ng mga makabagong propeta ang mga pagdurusang nararanasan natin sa buhay. Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson, "Walang hirap, walang ginhawa. Walang tapang, walang pakinabang. Walang sakripisyo, walang biyaya." Idinagdag pa ni Pangulong David O. McKay na "Hindi uunlad ang pagkatao kung walang lalabanan; hindi uunlad ang espiritu kung walang pagtatagumpayan." [Conference Report, Oktubre, 1945] Itinuro ni Pangulong Monson na 'ang pananampalatayang isinabang sa apoy ng mga pagsubok at luha ay kakikitaan ng tiwala at patotoo." [Conference Report, 1987] Kapag natiis nang husto, ang pagdurusa ay naghahatid ng kabanalan.

Hindi inaasahan ng Panginoon na titiisin nating mag-isa ang ating mga pasanin. Nagsumamo Siya sa atin na "Ilagay mo ang iyong pasan sa Panginoon, at kaniyang aalalayan ka" (Mga Awit 55:22) at itinuro ni Nakababatang Alma sa kanyang anak na si Helaman na "sino man ang magbibigay ng kanyang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga pagsubok, at kanilang mga suliranin, at kanilang mga paghihirap" at sa huli ay sinabi ng Panginoon kay Joseph Smith, "Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang; at muli kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas" (D at T 121:7-10).

Kapag dumating ang 'mga bagyo' ng buhay, at darating ang mga ito, tanggapin kung ano man ang mga ito, bumaling at humarap sa Diyos para mapagaan Niya ang bigat ng pasanin at determinadong magtaas ng noo at sumulong at magpatuloy nang may pananampalataya at lakas ng loob. Tulad ng itinuro ni Elder Neal A. Maxwell, "Batid ng Panginoon ang kakayahan nating magpasan, kapwa sa pagkaya at sa pag-unawa at hindi Niya tayo bibigyan ng higit pa sa kaya nating tiisin sa sandaling iyon; bagama't para sa atin ay tila kabaligtaran niyon ang nangyayari." [Conference Report, Oktubre 1982]

Nalaman ko na ang mga Pilipino ay tapat, malakas ang loob at matibay at na ang pangakong darating ang Mesiyas na may 'kagalingan sa kaniyang mga pakpak' (Malakias 4:2) ay isang pangako sa bawat isa sa inyo sa oras ng pinakamatinding kawalan ng pag-asa. ■

# Mga General Authorities Bumisita sa Pilipinas

Magkasamang bumisita sina Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol at Elder L. Whitney Clayton ng Panguluhan ng Pitumpu kasama ang kanyang kabiyak na si Kathy sa Pilipinas mula noong 25 Oktubre – 04 Nobyembre 2013. Binisita ng mga kapatid ang iba't ibang bahagi ng Pilipinas at nagdaos ng mga priesthood leadership training, young single adult devotional at missionary meeting. Nangulo rin sila sa mission presidents' seminar. Isang espesyal na biyahe ang ginawa sa isla ng Bohol kung saan kinausap nina Elder Andersen at Clayton sina Governor Edgardo Chatto at Bishop Leonardo Medroso.



## CEBU

Bumisita sa Cebu si Elder Neil Andersen kasama si Elder Abenir Pajaro, Area Seventy, nagdaos ng leadership conference, mga missionary at young single adult devotional. Nagbigay ng mga salita ng kapanatagan at katiyakan si Elder Andersen nang pulungin niya ang mga miyembrong nasalanta kamakailan ng 7.2 magnitude na lindol na nag-iwan ng malawakang pinsala hindi lamang sa Cebu kundi lalo na sa kalapit na isla ng Bohol. Kinausap muna ni Elder Andersen ang mga stake presidency at bishop na sakop ng Cebu at Cebu East Mission at nagbigay ng partikular na mga tagubilin na unahin ang pagbibigay ng tulong sa mga miyembrong nawalan ng mga mahal sa buhay at ng mga tahanan dahil sa malakas na lindol. Tinipon niya ang mga lider mula sa Bohol at pinarating sa kanila ang pagmamahal ni Pangulong Thomas Monson at sinabi sa kanila na ang tahasang utos sa kanya ng propeta ay tiyakin na napangangalagaan at minamahal ang mga miyembro sa panahong ito ng kahirapan.

### Full-time Missionary Fireside

"Lumilipas ang panahon, mabilis ang pagdaan ng panahon," ang unang mga salitang sinambit ni Elder Andersen sa mahigit 300 full-time missionary ng pinagsamang Cebu at Cebu East Philippines Missions sa espesyal na fireside. Sa kanyang mensahe, hiniling ni Elder Andersen sa mga missionary na mahalin ang mga taong kanilang tinuturuan at tiyakin na gagawa sila ng mga paraan na makilala sila, mapaglingkuran sila at maturuan sila ng mga doktrina ni Jesucristo. "Pinalago ba ng pag-unawa ninyo sa Tagapagligtas ang inyong pagmamahal sa iba?" tanong ni Elder Andersen habang nakatitig sa mata ng bawat missionary. Ipinaliwanag pa niya ang mensahe na "ang mga pakinabang, awa at biyaya ni Cristo" na binigyang-diin niya ang nararapat pagtuunang mabuti sa pagtuturo ng mga missionary sa mga investigator at sa mga bagong binyag. "Huwag kayong matakot na sabihin sa mga taong tinuturuan ninyo na wala nang ibang daan kundi sa pamamagitan ni Cristo," pagbibigay-diin ni Elder Andersen. Ipinahayag pa niya na "Bilang mga missionary dumaranas kayo ng mga hamon, nabuhay kayo sa paraang hindi ninyo nakasanayan, inutusan kayong ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo sa murang edad – tanging sa pamamagitan lamang ng biyaya ni Cristo ninyo magagawa ang lahat ng ito." Nagtapos si Elder Andersen sa paghamon sa mga full-time missionary na magsikap nang husto para "makita ang hindi nakikita" patungkol sa mga potensyal ng bawat taong nakikilala nila sa kanilang misyon. "Nakikita lang ng mga investigator ang maaaring makita, ngunit sa tulong ninyo nakikita nila ang maaari nilang kahinatnan kapag tinanggap nila ang ebanghelyo ni Jesucristo."

Sabi ni Elder Vusoniceva, assistant sa mission president ng Cebu Philippines Mission, matapos marinig ang sinabi ni Elder Andersen, "Lalo akong nahikayat na maging missionary na tulad ng nais ni Jesucristo. Dahil sa kanyang mensahe nakita ko ang hindi nakikita at natutuwa akong ikuwento ito sa mga taong binabahaginan ko ng ebanghelyo."

### Young Single Adults Devotional

"Huwag matakot na mag-asawa." ang matapang na sabi ni Elder Andersen sa mga young single adult na naroon. "Huwag matakot sa hinaharap dahil ito ay maganda. Huwag matakot na makipagsapalaran. Huwag matakot na umibig," pagpapatuloy ni Elder Andersen sa kanyang mensahe. Sa espesyal na pulong na ito nag-ukol ng oras si Elder Andersen upang hikayatin ang mga naghahandang magpakasal sa templo ng Diyos na patuloy na maniwala sa pangako na bilang mga anak ng Diyos





tayo ay may karapatan sa Kanyang walang katapusang mga pagpapala.

"Huwag maliitin ang pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak. Kilala Niya kayo at alam Niya kung ano ang maaari ninyong kahinatnan. Huwag ninyong hamakin ang inyong sarili." Hinikayat din niya ang lahat na maging abala sa makabuluhang mga layon nang higit pa sa kanilang sarili. Sa pagpapatuloy ng fireside, binanggit din ni Elder Andersen ang aspetong pang-ekonomiya ng grupo. "Huwag matakot na magtrabaho. Maghandang magtrabaho at matutong magtrabaho. Pag-aralan kung paano gawin nang maayos ang isang bagay. Sa paggawa nito hindi kayo matatakot na maghirap." Nagtapos siya sa pagsasabing, "Maniwala sa Tagapagligtas na si Jesucristo. Maniwalang Siya ay buhay dahil totoo iyan."

### Espesyal na Pulong ng mga Miyembro ng Mandaue Stake

Habang naghahanda ang mga miyembro ng Mandaue stake na makipagkita kay Elder Andersen sa isang espesyal na pulong sa araw ng Linggo, abala rin ang lahat sa paghahandang balutin ang natitira pang 4000 relief goods na ipamamahagi sa mga biktima ng lindol sa Bohol. Itinuon ni Elder Andersen ang kanyang mensahe sa alituntunin ng pagkadisipulo na ibig sabihin ay karapat-dapat ang lahat na tumanggap ng tulong sa iba lalo na sa mga oras ng matinding pangangailangan. "Karapat-dapat na malaman nating lahat na bilang mga miyembro ng tunay na simbahan, laging may isang tao o pamilyang naririyan kapag kailangan natin sila." Ipinahayag pa niya na bawat miyembro ay karapat-dapat na magkaroon ng pagkain sa mesa, bubong sa kanilang ulunan at damit sa kanilang katawan. Para matupad ito binigyang-diin ni Elder Andersen ang pagsunod sa batas ng ikapu at pagbibigay ng malaking fast offering. "Kailangan ding maging lubhang abala ang mga Banal sa Cebu sa gawain sa templo. Kailangan matanggap ng apat na henerasyon ng inyong pumanaw na mga kamag-anak ang kanilang mga ordenansa sa templo ngayong malapit lang ang Cebu Temple." Bago matapos ang kanyang mensahe, nag-iwan ng malaking hamon si Elder Andersen sa mga banal. "Isipin si Cristo. Gawing mas taos ang inyong mga dalangin. Lumuhod at manalanging gaya ni Enos." Pagkatapos ay pinangasiwaan ni Elder Andersen ang pagbabalot ng relief goods na ipadadala sa Bohol sa araw ding iyon.

## BOHOL

### Espesyal na Pulong ng mga Miyembro

Nagtipon ang mga miyembro ng mga district ng Calape at Tagbilaran para sa isang espesyal na pulong ng mga miyembro kung saan nagbahagi ng mga mensahe ang mga general authority tungkol sa pananampalataya at pag-asa sa gitna ng mahihirap na panahon ng kanilang buhay.

Ipinahayag ni Elder Andersen ang kanyang pagmamahal at pagmamalasakit sa mga Banal at ipinarating ang pagmamahal ni Pangulong Thomas S. Monson, ng kanyang mga tagapayo at ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Binigyang-diin ni Elder Andersen na hindi natin maaalis ang paghihirap sa ating buhay, na ang mga hamon na ating dinaranas ay bahagi ng ating mortalidad. Binanggit niya ang isa sa mga mensahe ni Pangulong Monson tungkol sa kung paano nararapat harapin ang mga paghihirap sa buhay, "Tuwing nabibigatan tayo sa ating mga pagsubok, nanghihina sa mga hirap ng buhay, alalahanin natin na naranasan din ito ng iba, natiis nila ito at nalampasan."

Sinabi niya na ang pinakamahalaga nilang pagbisita ay ngayon mismo. Sabi niya: "Narito kami upang muli kayong bigyan ng katiyakan at ipadama sa inyo ang pagmamahal ng Panginoon, upang ipaalam sa inyo na kilala Niya kayo at binabantayan Niya kayo." Hinikayat pa niya ang mga Banal sa Bohol na sumampalataya sa Panginoong Jesucristo at sa mga bagay na nagtatagal hanggang sa kabilang-buhay.

Nagtapos siya sa pagpapahayag ng kanyang paggalang at paghanga sa pananampalataya at kabutihan ng mga tao sa Bohol. Binasbasan niya sila na magkaroon sila ng bubong sa kanilang ulunan, pagkain sa kanilang mesa at damit sa kanilang katawan. Binasbasan din niya sila na makamtan nila ang mga pangangailangan nila sa buhay at makasumpong sila ng pag-asa at maging masaya sila.

Pinaalalahanan ni Elder Clayton ang mga Banal na hindi nangako ang Ama sa Langit na hindi tayo maaapektuhan ng mga kalamidad. Ibinahagi niya ang kuwento tungkol kay Haring Benjamin na noong nagkaroon ng mga problema hindi siya naupo lang at nag-isip na may ibang taong lulutas niyon. Tumayo siya at naglakad at pinamunuan niya ang hukbo. "Inaasahan na gagawin natin ang mga bagay-bagay nang kusa at sa sarili nating lakas. Inaasahan ng langit na gagawin natin ang ating tungkulin. Na tulungan ang ibang tao tulad ng pagtulong ninyo sa inyong sarili," pagtatapos ni Elder Clayton.

Nagpasalamat si Elder Nielson sa mga miyembrong nag-aasikaso sa kanilang mga kapatid at ginagawa ang lahat para tulungan ang mga katulad nila na biktima rin ng lindol. Ibinahagi niya ang mensahe na kapag kayo ay may pananampalataya hindi kayo matatakot. Sinabihan niya sila na sumulong nang may pananampalataya. Pinaalalahanan niya ang mga miyembro na kapag nagpatulong tayo sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo tutulungan Niya tayo. Ang mensahe at basbas ni Elder Andersen ay nagbigay-inspirasyon sa sumusunod na mga miyembro upang patuloy na maging matapat:



“Para sa akin masaya ako na narito ang apostol. Nagpapasalamat ako sa mensaheng ibinahagi niya sa mga miyembro ng Simbahan. Napakaganda ng mensaheng ibinigay niya at naunawaan namin na kailangan kaming magpatuloy sa pagiging matapat at manatiling karapat-dapat.”

**Malou Lorzano**
*Calape Philippines District*

“Masaya kaming marinig na magsalita ang Apostol na pumarito sa lugar namin sa Bohol at alam namin na isinugo siya upang panatagin ang kalooban ng mga naapektuhan ng trahedya at lubos kaming nagpapasalamat na pinalalakas nila kami sa aming sitwasyon ngayon at sa aming Ama sa Langit na lagi kaming pinapatnubayan sa aming mga gawain sa araw-araw. Alam ko na ginagawa ito para palakasin ang mga Banal sa Calape na nahirapan sa trahedya.”

**Brother Saputon**
*Calape Philippines District*

“Naantig ako sa kanilang mga patotoo. Lubos kaming nagpapasalamat na hindi naapektuhan ang Tagbilaran. Nabigyang-inspirasyon kaming higit na tumulong at magbigay ng pag-asa sa mga naapektuhan. Bagama't nakilahok na kami sa isang paglilingkod sa komunidad sa bayan ng Buenavista kahapon pakiramdam ko ay hindi pa sapat iyon. Kailangan pa naming tumulong kaya sasama kami sa mga proyekto sa paglilingkod sa komunidad bukas. Bagama't pinalad kaming hindi maapektuhan dama namin ang lungkot ng aming mga kapatid sa ibang dako at nabigyang-inspirasyon kami ng kanilang pananalita at mensahe na tumulong pa.”

**Brother del Pilar**
*Tagbilaran Philippines District*

“Napanatag ako sa kanyang mensahe tungkol sa lindol. Gusto ko ang sinabi niya na hindi natin mahuhulaan ang mga negatibong bagay na mangyayari sa ating buhay ngunit may pag-asa pa rin dahil alam natin tulad ng sabi sa banal na kasulatan na anuman ang mangyari sa atin gising man tayo o tulog alam kong makakapiling ko ang Diyos. Nagpapasalamat ako na binibisita niya kami. Nadarama ko ang pagmamahal ng ating Tagapagligtas sa amin.”

**Maryjane Adlaon**
*Tagbilaran Philippines District*

### Pakikipag-usap sa mga Lokal na Pinuno

Kinausap ni Elder Andersen si Bohol Governor Edgardo Chatto matapos ang espesyal na pulong ng mga miyembro at sinalubong siya ng gobernador at ng dalawang miyembro ng konseho nito. Ipinahayag ni Elder Andersen ang kanyang kalungkutan sa pinsalang nangyari sa magandang isla ng Bohol. Gayunman, napansin niya ang pag-asang nababanaag sa mga mata ng mga tao sa isla. Gayon din ang ipinahayag na pag-asa ni Governor Chatto na kalaunan ay makakabangon ang probinsya. Ipinaalam ni Elder Andersen sa gobernador ang tulong na ipinarating ng NGO ng Simbahan sa mga tao, ang LDS Charities. Ipinakita niya sa gobernador ang mga sampol ng pagkain at mga hygiene kit, na ipinamahagi, gayundin ang donasyong 40 botelya ng water purification, na magagamit ng mga





tauhan ng gobernador.

Kinausap din ni Elder Andersen si Bishop Leonardo Medroso ng Diocese ng Tagbilaran. Ipinahayag ng dalawang lider ng Simbahan na kailangang maging mga pastol sa temporal at espirituwal na pangangailangan ng mga tao. Ibinahagi nina Elder Andersen at Elder Clayton ang magandang pakikipagtuwang ng Simbahan sa Simbahang Katoliko. Ibinahagi rin ni Elder Clayton ang kanyang karanasan sa pakikipagtulungan at pakikipag-usap kay Cardinal Francis noon. Nagtapos ang pulong sa pag-aalay ng panalangin ng dalawang lider para sa probinsya ng Bohol.

### Helping Hands

Halos isang libong boluntaryo ang nagtipon sa Tagbilaran district center kung saan hinati sila sa pitong grupo na ipinadala sa mga lugar ng Loon, Maribojoc, Antequera at Sagbayan (mga bayan na pinakamalubhang napinsala). Kinailangang tawirin ng lahat ng mga boluntaryo ang Abatan River sakay ng “mga dragon boat” dahil winasak ng lindol ang tulay. Ang mga Helping Hands volunteer ay bantog sa kanilang mga dilaw na tsaleko habang tumutulong sa paglilinis ng mga paaralan at palengke at namamahagi ng pagkain at mga hygiene kit.

Isang grupo ng mga boluntaryo ang inatasang tumulong na linisin ang bahay ni Ricardo Saballa (District President ng Calape Philippines District), na lubusang winasak ng lindol. Pagkaraan ng nakapanghihilakbot na karanasan





na halos kumitil sa buhay ng kanyang asawa't anak nang bumagsak ang bubong ng kanilang bahay, patuloy na naglingkod si President Saballa sa mga miyembro ng kanyang district, kung saan 52 sa mga ito ang nawalan din ng tahanan.

Pansamantalang naninirahan si President Saballa sa isang tolda sa isa sa mga meetinghouse ng Simbahan kasama ang iba pang mga pamilya mula sa kanyang district.

## MANILA

Nagdaos ng dalawang magkahiwalay na young single adult devotional sina Elder Andersen at Elder Clayton sa Quezon City at Makati City. Ang dalawang devotional ay dinaluhan ng daan-daang YSA.

Binisita ni Elder Andersen ang mga YSA sa Philippines Quezon City at Philippines Quezon City North missions noong ika-31 ng Oktubre, 2013, sa Aurora Chapel sa Quezon City.

Nagsalita si Elder Andersen sa mga dumalo at ipinaalala sa kanila na mahal sila ng Panginoon. "Bawat matwid na Banal sa mga Huling Araw ay karapat-dapat na malaman na hindi sila nag-iisa," sabi niya. Tinuruan din ng bumisitang apostol ang mga Banal na dapat nilang mithiing maging pinakamahusay at huwag silang makuntentong maging pangkaraniwan.

Ngunit ang nakaantig sa mga YSA ay ang sinabi ni Elder Andersen na nagpaalala sa kanila na kailangan nating makita ang ating sarili bilang mga anak ng ating Ama sa Langit anuman ang ating sitwasyon sa buhay.

"Lahat tayo ay nilayong umangat dahil tayo ay mga anak ng Diyos. Kung minsan masyado tayong kampante sa pangkaraniwan at wala tayong bilib sa ating sarili. Ngunit magagawa natin nang mahusay ang mga bagay-bagay at higit pa rito ang magagawa natin kaysa inaasahan ng ibang tao dahil sa likas nating banal na potensyal," sabi ni Chesca Laguna ng Quezon City Stake nang tanungin siya kung ano ang natutuhan niya sa debosyonal. "Angkop ito sa lahat ng aspeto ng ating buhay, mula sa pagbabahagi ng ebanghelyo hanggang sa kalidad ng ating trabaho at sa paraan ng pakikitungo natin sa ibang tao," dagdag pa niya.

"Sa kabila ng mga pagkakaiba, perpektong likha ng Diyos na umangat tayo na nagkakaisa kay Cristo," sabi ni Faith Oren ng Fairview Stake nang ibahagi niya kung ano ang pinakagusto niya sa mensahe ni Elder Andersen. "Nalaman ko na lahat tayo ay dapat magpatuloy sa pagsisikap na maging katulad ni Cristo," dagdag pa ni Reinallen Galanta ng Caloocan Stake.

Nagsalita si Elder L. Whitney Clayton ng Panguluhan ng Pitumpu sa mga 200 young single adult sa Buendia Chapel sa Makati City noong Oktubre 31, 2013. Kasama ni Elder Clayton ang kanyang kabiyak na si Kathy at si Elder Larry Echo Hawk, Pangalawang Tagapayo sa Philippines Area Presidency, at ang kabiyak nitong si Terry.

Nang magsalita siya sa mga young single adult sa mga stake sa karatig na mga lugar, sinimulan ni Elder Clayton ang pulong sa pagtuturo tungkol sa kaibhan ng magaganda at mas magagandang tanong at mga tanong na mas malaki ang epekto sa espiritu. Pagkatapos ay inanyayahan niya ang mga single adult na lumahok sa pulong sa pamamagitan ng pagtatanong.

Kabilang sa mga tanong ang bakit hindi makapamuhay nang ayon sa nararapat ang ilang returned missionary o miyembro kung minsan, paano tutulungan ang mga nahihirapang magsisi at magbago, paano tutulungan ang mahal sa buhay na nanghina ang patotoo at nagsimulang makihalubilo sa mga taong iba ang relihiyon, kung maaaring dumating ang personal na paghahayag sa mga panaginip, paano gumawa ng mga desisyon, paano ipamuhay ang ebanghelyo sa isang trabaho kung saan marami ang lumalabag sa batas ng kalinisang-puri at word of wisdom at paano makapag-aaral, makapag-aasawa at magkakaroon ng pamilya matapos magmisyon.

Bilang sagot sa tanong tungkol sa mga miyembrong hindi makapamuhay sa paraang nararapat, binanggit ni Elder Clayton ang ilang talata tungkol sa paksang pagbabalik-loob. Tinalakay niya ang kaibhan ng pagbabalik-loob sa Simbahan (ang makita ang kagandahan at lahat ng kabutihang ginagawa ng Simbahan) kumpara sa pagbabalik-loob sa Panginoon (kagustuhang gawin ang mga bagay sa Kanyang paraan at ayon sa Kanyang kalooban). Binanggit niya ang kuwento ng nagbalik-loob na mga Lamanita na nagbaon ng kanilang mga sandata ng paghihimagsik nang sila ay magbalik-loob. Sinabi niya na tulad noong tangayin sa langit ang Sion ni Enoc sa Lumang Tipan "sa paglipas ng panahon," nangangailangan din ng panahon ang pagbabalik-loob. Pinayuhan niya ang mga young single adult na basahin ang mga banal na kasulatan, manalangin, mag-ayuno at maging pinakamahusay sa abot-kaya nila.

Nang magturo si Elder Clayton tungkol sa pagtulong sa mahal sa buhay na nagsimulang makihalubilo sa mga taga ibang relihiyon, inihalintulad niya ang Simbahan at ang kabuuan ng ebanghelyo sa isang piyano na maayos at gumagana ang lahat ng tiklado. May ilang tiklado ang ibang mga relihiyon, at ang ilang relihiyon ay mas marami ang tiklado kaysa sa iba. Ayon sa kanya, maaaring tumugtog ng himig ang isang tao kahit hindi kumpleto ang mga tiklado, basta't hindi kailangan sa partikular na himig na iyon ang mga nawawalang tiklado. Sinabi niya na magkakaiba ang sitwasyon ng mga tao, ngunit ipinayo niya na ipag-ayuno at ipagdasal ang mahal sa buhay na iyon, na binabanggit ang 2 Nephi 28:30, na ang Diyos ay nagbibigay







nang "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin."

Nang pangunahan ni Elder Clayton ang talakayan, inanyayahan din niya ang kanyang kabiyak na si Kathy, si Elder Echo Hawk at ang kabiyak nitong si Terry, gayundin ang naroong mga Area Seventy na magbahagi ng kanilang payo.

Ibinahagi ni Sister Clayton ang mga paraan kung paano tutulungan ang iba na magsisi at magbago. Ayon sa kanya, ang mga nagkaroon ng matitinding espirituwal na karanasan ang kadalasang puntirya ng mas matinding tukso. Pinayuhan niya ang mga single adult na laging mag-ingat, na mas nakakaganyak ang pagmamahal sa pagtulong sa iba na magsisi at magbago at laging isama ang Ama sa Langit sa prosesong ito sa pamamagitan ng laging pagsisimula at pagtatapos sa panalangin.

Sa pagsasalita ukol sa tinalakay, binanggit ni Elder Echo Hawk ang talinghaga ng manghahasik at sinabing kailangang lumalim ang mga ugat ng ebanghelyo. Ipinaalala niya sa mga young single adult ang panawagan ni Pangulong Thomas S. Monson na sagipin ang nawawala. Para masagot ang tanong tungkol sa personal na paghahayag, ibinahagi ni Sister Echo Hawk ang kanyang karanasan nang magising siya sa hatinggabi na may nahihiwatigan tungkol sa isa sa kanyang mga anak na lalaki. Ayon sa kanya, kung ang isang tao ay masunurin at karapat-dapat, laging tatanggap ng mga kasagutan ang taong iyon.

Sina Elder Collado at Elder Vicencio, Area Seventy, ay kapwa nagpatotoo tungkol sa payo ng mga lider ng Simbahan na huwag ipagpaliban ang pag-aasawa at pagkakaroon ng pamilya pagkatapos magmisyon. Dahil sinunod nila ang payong iyon noon, hinikayat nila ang mga single adult na sumampalataya at magtiwala sa Panginoon at sa Kanyang mga lingkod.

Halu-halo ang mga young single adult na dumalo sa pulong – ang ilan ay naghihintay sa mission call o pagpasok nila sa Missionary Training Center, ang ilan ay mga returned missionary, ang ilan ay naghahandang makasal sa templo at ang ilan naman ay gusto lang mapalakas at marinig ang tinig ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod. Narito ang sinabi ng ilan sa mga dumalo:

"Nagagalak akong marinig na hindi kailangan na lagi nating maunawaan ang buong pangyayari, na sa pagsampalataya, sapat na ang isang hakbang."

**Jamie Ortiz**
*Malolos Philippines Stake*

"Ang paulit-ulit na mensahe para sa akin ay ang kailangang sundin ang mga kautusan at kailangang sumangguni sa Panginoon sa panalangin dahil talagang alam ng Ama sa Langit ang lahat."

**Jick Baldoviso**
*Pasay Philippines Stake*

Tinapos ni Elder Clayton ang pulong sa pagbabahagi ng kanyang patotoo tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Tiniyak niya sa mga young single adult na kilala sila ng Ama sa Langit at na kapag nakita nila Siya, maaalala nila na kilala nila Siya. Pinayuhan niya ang mga young single adult na sundin ang mga kautusan, dahil iyon lamang ang hinihiling sa kanila ng Ama sa Langit. Tiniyak niya sa kanila na tulad ng ipinangako ng Panginoon, bawat pagpapala ay mapapasakanila kung susundin nila ang Kanyang mga utos.

### Isang Espesyal na Kultural na Pagdiriwang

Ang bumisitang mga general authority ay hinandugan ng isang gabi ng awitan at sayawan nang ang 294 na kabinataan at kadalagahan mula sa 15 stake ay nagtanghal ng mga katutubong awit at sayaw sa Pilipinas mula sa Luzon, Visayas at Mindanao.

Kabilang sa mga dumalo ang Area Presidency, ilang miyembro ng Area Seventy at ang 21 mga mission president at kanilang mga kabiyak.

Ipinahayag ni Elder Andersen at nina Elder at Sister Clayton ang kanilang pagmamahal at pasasalamat sa mga kabataan at YSA na nag-ukol ng oras sa paghahanda para sa magandang kultural na palabas na kanilang nasaksihan. Sinabihan sila na patuloy na maging matapat at alalahanin kung sino sila.

## BACOLOD

### YSA Devotional na Kapiling si Elder Andersen

"Dalangin ko na hindi ninyo malimutan kailanman kung sino kayo; na hindi ninyo malimutan kailanman ang tadhanang naghihintay sa inyo."

Ang gabi ng Nobyembre 2, 2013, ay naging espesyal nang dumalo ang mga Young Single Adult mula sa iba't ibang ward at branch sa ilalim ng Bacolod Philippines Mission sa debosyonal na dinaluhan ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol. Naroon din sa debosyonal sina Elder L. Whitney Clayton ng Panguluhan ng Pitumpu, Elder Ian S. Ardern at Elder Larry Echo Hawk ng Philippines Area Presidency, at Elder Ramon C. Nobleza, Area Seventy.

Ang debosyonal ay puno ng mga paalala para sa mga Young Single Adult na naroon. Nagsalita si Elder Clayton tungkol sa kahalagahan ng paggawa ng mga tamang pasiya ngayon at nagbabala tungkol sa matagalang mga epekto ng mga maling desisyon. Pinagtibay ni Elder Ardern ang sinabi ni Elder Clayton nang ibahagi niya kung bakit kailangan ang patnubay ng Espiritu Santo sa buhay ng isang tao.





Binigyang-diin ni Elder Echo Hawk sa mga Young Single Adult na ang mga pasiyang ginagawa nila ngayon ay hindi lamang makakaapekto sa kanila kundi maging sa susunod nilang mga henerasyon.

Ipinaalala ni Elder Andersen sa mga single adult na dumalo ang kanilang kabanalan sa pamamagitan ng isang analohiya tungkol sa buhay ng mariposa. Hinikayat niya ang lahat ng naroon na laging alalahanin na sila ay mga anak ng Diyos at na maganda ang kanilang hinaharap. Sinabihan niya sila na dahil sila ay mga anak ng Ama sa Langit, sila ay "huwag matakot, [kundi] manampalataya … lamang."

Madilim na ang kalangitan nang matapos ang pulong ngunit nagniningning ang mukha ng mga YSA na naroon matapos mapasigla ng mga mensahe. Hindi nila inalintana ang pagod at mahabang biyahe; na sulit ang minsan-sa-buhay na karanasang makapiling si Elder Andersen.

**Narito ang mga reaksyon ng dumalong mga YSA:**

"Isang pagpapala ang makinig sa Apostol ng Panginoon. Nadama ko ang Espiritu nang ituro niya kung sino ako at ano ang dapat kong pagsikapan. Naalala ko na ako ay anak ng Diyos at inaasahan Niya na gagawin kong batong-tuntungan ang mga pagsubok na kinakaharap at haharapin ko para maging mas mabuti ako. Isa pa rin akong "higad" ngunit alam ko na kapag sinunod ko ang mga paramdam ng Espiritu at ang mga kautusan, ako ay magiging malaking "paruparo." Hindi magiging madali ngunit alam ko na gagabayan ako ng aking Ama sa Langit."

**A. Denmar Domingo**
*Bacolod Philippines Stake*

"Naalala ko kung gaano kahalagang tahakin ang landas, at manatili sa mga hangganang itinakda ng Panginoon para sa atin."

**Ronwell Imperial**
*Bacolod Philippines Stake*

"Kung matwid ang iyong mga desisyon hindi lamang ikaw ang pagpapalain, kundi maging ang iyong henerasyon. Ang mga salitang ito ni Elder Andersen ay nagpaalala sa akin na sa bawat pagpapasiya natin hindi lamang sarili natin ang dapat nating isipin, lagi naging kailangang isipin kung ang pasiyang ito ay makakaapekto sa ating buhay at sa ating kinabukasan. Sa isang maling pagpapasiya maaari kang mapalayo sa nararapat mong patunguhan. Bilang asawa at ina sa hinaharap dapat kong ipakita ang halimbawa sa lahat ng nasa paligid ko na laging piliin ang tama. Talagang malaking pagpapala ang makinig sa tinig ng apostol at mapaalalahanan kung paano tayo nararapat maging mas mabubuting anak ng Diyos."

**Deannette Madriaga**
*Bago Philippines Stake*

"Ngayon lang ako nakadalo sa isang Youth/YSA Devotional at mula nang pumasok ako sa bulwagan ng chapel, nadama ko na mapalad ako. Napakapalad kong mabigyan ng pagkakataon na makinig sa isang apostol. Talagang isa ito sa pinakamasasayang sandali sa aking buhay."

**Franceska Marie Romero**
*Bacolod Philippines Stake*

"Ang paggawa ng mga pagpapasiya kapag ikaw ay isang returned missionary ay mahirap kung minsan. Ang pakikinig sa mga mensahe ng mga lider kahapon ay nakatulong para malaman ko kung ano talaga ang kailangan kong gawin at ano ang nararapat kong kahinatnan."

**Karl Mahilum**
*San Carlos District*

"Ang debosyonal ay malaking pagpapala sa aming lahat. Maliban sa pakikipagkamay sa apostol, lahat ng mensaheng narinig namin ay nakatulong para matukoy namin ang mga bagay sa buhay na pinakamahalaga lalo na sa mga kabataan at YSA. Napakagandang karanasan!"

**Chaelyn Albances**
*Binalbagan Stake*

"Labis akong nagpapasalamat na nagkaroon ako ng pagkakataong makita at marinig si Elder Andersen. Ang kanyang mga salita ay nagpasigla sa aking espiritu, nagbigay sa akin ng inspirasyon, at nagpalakas ng aking patotoo. Minsan ay isa akong higad na naging paruparo dahil sa Ebanghelyo na natanggap ko."

**Jessie Mae Albances**
*Binalbagan Stake*

"Nakakaaliw na marinig ang isang mensahe ng pagkahabag, pagmamahal, at babala na talagang mahalagang maalala sa napakahalagang yugto ng buhay na ito."

**Janice Morales**
*Binalbagan Stake*

**Mga Nag-ambag**
Arvin James Despuig
Eda Calimlim
Cynthia Fantone
Giulia Noelle Nobleza
Kaye Bay

**Mga Retratista**
Noel Maglaque
Edwin Redrino
Neil Gonzaga